THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# "Ibahagi mo ang iyong *French Fries*"

Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
Oct 28, 2020

Ang lahat na mayroon tayo ay mula sa Diyos. Labis-labis ang mga ipinagkaloob Niya sa atin (Gen 21), dahil ang lahat sa mundo ay Kanya (Awit 52:8; Haggeo 2:8) Natutuwa Siyang ibinibigay ang lahat-lahat ng ating pangangailangan (Jer. 3:33). Kung nananalangin tayo sa Kanya, bibigyan Niya tayo ng mga kagila-gilalas na mga bagay; pagkakalooban Niya tayo agad ng napakalaking "French fries."

**Tanong ng Diyos: "Ano ang nasa kamay mo?"**

**1.Ang ating talento**

Sa Exodo 3-4, pakiramdam ni Moses hindi siya karapatdapat na maglabas sa bayang Israel mula sa Egipto dahil siya ay 80 taong gulang na mamamatay tao at amoy tupa pa. Maaaring piliin ng Diyos ang pinakamahina para maisakatuparan ang Kanyang pinakadakilang layunin. Ang mga talento natin ay maaaring magamit para makamit ang mga layunin ng Diyos sa ating buhay.

**2. Mapagkukunan: Yaman/ Oras**

Saganang magbigay si David. Sa kabila ng kanyang pagkakasala, siya'y pinatawad ( Awit 32; Awit 51). Ibinigay lahat ni David ang mga pangangailangan ni Solomon sa paggawa ng templo sa Jerusalem (1Cro.22:5).

**2.1 Para kay David isang pribilehiyo ang magbalik ng biyaya sa Diyos.** Buong puso siyang nagbibigay sa Diyos. Ang pagbabalik ng mga biyaya sa Diyos ang pinakamagandang paraan ng pagbibigay ng kaluwalhatian sa Kanya.

**2.2 Galing sa sariling kaban ni David ang kanyang ibinigay (1Cro. 29:1-2).** May ugali tayong kamkamin ang lahat na bigay ng Diyos, at laging iniisip, "Akin ito." Kinikilala ni David na ang lahat ay nagmula sa Diyos, kaya't mula sa kanyang sariling kaban ang mga ibinigay.

**2.3 Labis-labis kung magbigay si David**. Pati sarili niyang ginto at pilak ay inilalaan sa gawain para sa Diyos (1Cro. 29:3).

**2.4 Sumunod si David (1Cro. 22:12-13).** Tularan natin siya, sumunod din tayo kung ano ang mga ipinag-uutos ng Diyos. Magiging matagumpay lang tayo kung tayo'y susunod sa Kanya.

**2.5 Magbigay bilang pasasalamat ang tanging hiling ni David** (1 Cro. 29:10-19); magbigay sa lahat ng pagkakataon (1Tes. 5:18).

**2.6 Binilinan ni David ang kanyang mga pinuno**. Dapat hikayatin ng mga lider ang mga miyembro na magbigay para mabigyan din sila ng biyaya (1Cro. 22:17).

**3. Ang mga unang Kristyano ay labis-labis na nagbigay sa templo** (Gawa 4:34).

**3.1 Higit pa sa dapat ang ibinigay nila.** Sinabi ni David, "Hindi ako naghahandog kay Yaweh nang walang puhunan" (2 Sam. 24:24).

**3.2 Masaya silang nagbigay**. Ibigay natin ang ating ikapu nang buong sigla at galak (2Cor. 9:8).

**4. Naluluwalhati ang Diyos kung tayo'y nagbibigay.** Ipinagkaloob Niya ang lahat, at hinihimok Niya tayong magbigay at magpakayaman sa mabuting gawa para makamit ang tunay na buhay (1Tim. 6:17-19).

**5. Ang paglaan ng oras sa panalangin ay paghangad na pagkakaroon ng mas malalim na pakikipag-ugnayan sa Diyos** (1 Cro. 22:19).

Gusto ng Diyos na biyayaan tayo at ibahagi sa atin ang kanyang sobrang laking "French Fries." Italaga natin ang ating sarili sa Kanya. Ito ang magbibigay sa atin ng lubos na kagalakan (1Cor. 12).

**Pagninilay:**

1. Ano ang nasa kamay mo na handa mong ihandog sa Diyos?
2. Ano ang dapat nating sagot kung gusto ng Diyos na magbalik tayo ng bahagi ng Kanyang ibinigay?

**Isinalin ni:** Sis. Nida Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials